# Galit ang taumbayan sa mga kurakot.

Gumawa ng kasaysayan ang UPLB community sa matagumpay na campus walkout noong Sept. 19, at malawakang pambansang pagkilos sa Luneta at EDSA noong Sept. 21. Malinaw ang panawagan ng taumbayan: **Panagutin ang lahat ng sangkot sa kurapsyon sa mga ghost at substandard flood control projects.**




Mapanlikhang naisasalin sa mga memes, witty placards, vlogs, at iba't ibang tipo ng Social Media contents ang panawagan at galit ng mamamayan. Ito ang planong targetin at patahimikin ng panukalang batas para sa Social Media Registration.

# Ano ang tugon ng gubyerno?

- Matinong proyekto para maagapan at solusyonan ang matinding epekto ng kalamidad sa bansa
- Pagpapanagot sa mga korap na pulitiko
- ✓ Media blackout ng marahas na dispersal ng pulis noong Sept. 21
- ✓ Pagbabanta sa isang titser na nag-repost tungkol kay Eric Saber na pinaslang ng pulis noong Sept. 21
- ✓ ***Panukalang batas para patahimikin ang mamamayan***



Photos from Altermidya, UPLB Perspective, and Tanglaw

# Sa korap na sistema...

Nasa interes ng gubyernong kurakot na manatiling takot ang mamamayan at pagkaitan sila ng espasyo sa malayang pamamahayag. Ito ang dahilan kung bakit tuloy-tuloy ang pagpapasa ng mga batas na sumasagasa sa karapatan sa pribasiya ng sambayanang Pilipino.

Ang iprinayoridad ni Marcos Jr. na **SIM Card Registration Act** ay hindi lamang hungkag sa pangako nitong sugpuin ang krimen at online scams, kundi ginamit lamang bilang instrumentong pang-atake ng estado sa mga aktibista at kritiko. Plano pa itong sundan ng panukalang batas kung saan **obligahin ang lahat ng social media user sa ID verification at Facial recognition.**

> Sinisikap ng mga mambabatas na itulak ang social media registration sa iba't ibang dahilan: para diumanong labanan ang disinformation (Digital Accountability and Services Act) at para protektahan ang mga menor de edad (Act Regulating the Use of Social Media Platforms by Minors).

*Hindi lamang nito tatanggalin ang karapatan sa anonymity sa Internet,* ***padadaliin ng Social Media Registration ang pagtarget ng estado sa mga kumukontra*** *at lumalaban sa kurapsyon at mga patakarang mapang-abuso.*

# Tama lamang ang magalit.

Habang ang karaniwang mamamayan ay apektado ng paulit-ulit na pagbaha, nagpapakasasa sa kinurakot na yaman ang mga kongresista, senador, at kanilang mga kasabwat. Dahil dito ay di-katakataka kung bakit marami na ang nagigising at nagrerehistro ng kanilang galit mula social media hanggang sa mga kalsada.

**Dapat lang nating ibasura ang mga patakarang ito at patuloy na manindigan laban sa kurapsyon at pang-aabuso.**

Serbisyong pampubliko, tutukan!
Censorship at surveillance, labanan!
Lahat ng kurakot dapat managot!





#RejectSocMedReg #JunkSIMReg #FreeTheInternet

tinyurl.com/JoinUPINTERNET

UP INTERNET FREEDOM NETWORK

# The people are enraged by shameless corruption.




The UPLB community made history with the 7000-strong campus walkout on Sept. 19 this year, and the nationwide Luneta and EDSA mobilizations on Sept. 21. The call of the Filipino people is crystal clear: **Hold the officials responsible for ghost and substandard flood control projects accountable.**

The raw anger and genuine demands of the people are creatively translated into memes, witty placards, short-form videos, vlogs, and different types of content on social media. This is what the state deliberately wishes to silence through the implementation of Social Media Registration that elevates their system for surveillance.

# How does the government respond?

- Functioning projects to minimize and address the devastating aftermath of calamities
- Holding corrupt officials accountable
- ✓ A media blackout; deliberate censorship of the violent dispersal during the Sept. 21 Mendiola rally
- ✓ Threats to a high school teacher who reposted about Eric Saber, a victim of police brutality during the Sept. 21 commotion
- ✓ ***Policies to further silence dissent and free speech***



Photos from Altermidya, UPLB Perspective, and Tanglaw

# Under a corrupt system...

It is the administration's greatest interest to instill fear in its constituents and deprive us of a space for free speech. This is precisely why laws and policies that violate our privacy are being proposed and implemented left and right.

The **SIM Registration Act** that Marcos Jr. prioritized did not only fall short on its promise to curb scams and cybercrimes. It is deliberately being used as an instrument to attack activists and critics. On top of that, lawmakers are pushing to require ID verification and possibly facial recognition for all new and existing social media users in the country through **Social Media Registration**.

`Currently, legislators are seeking to push for social media registration for different reasons: to allegedly address disinformation (Digital Accountability and Services Act) and to protect minors (Act Regulating the Use of Social Media Platforms by Minors).`

*Social Media Registration does not only remove our right to anonymity and free speech on the Internet.* ***It makes any user an easy target of the state,*** *especially those who oppose corruption and exploitative policies.*

# Our anger is justified.

While ordinary citizens experience preventable flooding time and time again, corrupt members of congress, the senate, and their cronies continue to bask in their ill-gotten wealth. It is no surprise that the Filipino people are taking a stand both online and on the streets.

**We must resist these anti-privacy policies and stand firm against corruption and abuse.**

Prioritize basic social services!
Resist censorship and surveillance!
Hold all corrupt officials accountable!

#RejectSocMedReg #JunkSIMReg #FreeTheInternet




tinyurl.com/JoinUPINTERNET

UP INTERNET FREEDOM NETWORK